

# Western Sydney International (Nancy-Bird Walton) Airport

Filipino

## Mga panimulang flight path



Ang bagong Western Sydney International (Nancy-Bird Walton) Airport (WSI) ay nakatakdang magbukas sa huling bahagi ng 2026 para sa kargamento, mga manlalakbay sa pandaigdig at loob ng bansa.

Ang planong Environmental Impact Statement (EIS) ng mga panimulang landas ng paglipad sa WSI ay nasa pampublikong eksibisyon na. Ang planong EIS ay nagsusuri sa epekto ng panukalang mga landas ng paglipad sa kapaligiran at sa komunidad. Inaanyayahan ang publiko na gumawa ng mga pagsumite tungkol sa planong EIS sa pamamagitan ng pagbibisita sa [wsiflightpaths.gov.au/make-a-submission](https://wsiflightpaths.gov.au/make-a-submission).

Itong polyeto ay nagtatalaga ng mga panimulang landas sa paglipad at ipinaliliwanag ang ilang mga mahahalagang punto na nag-impluwensya sa kanilang pagkadisenyo.

## Tingnan ang mga panimulang flight path

Ang pagdidisenyo ng mga flight path ay napaka-teknikal na gawain. Kabilang sa gawain ang masusing pagpapatunay at pagsisiyasat upang matiyak na magagamit ng eroplano ang mga landas ng paglipad. Dapat na mabalanse ng disenyo ang mga pangangailangan ng komunidad, kapaligiran, industriya at mga gumagamit ng airspace ng Greater Sydney, habang pinapanatili ang kaligtasan bilang prayoridad.

Maaari mong tingnan ang mga panimulang landas ng paglipad at ang mga tinatantiyang epekto sa **Aircraft Overflight Noise Tool**, sa pamamagitan ng [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au). Naiintindihan namin na maaari kang may mga malawakang katanungan tungkol sa mga panimulang landas ng paglipad. Upang masagot ang iyong mga tanong, kami ay maaaring makipag-usap sa iyo sa aming mga Sesyon Pang-impormasyon at Pagpuna sa Komunidad. Maaari mo ring ipadala sa email ang iyong mga tanong o tawagan kami sa numero sa ibaba.

### Magsalita

Maaari kang magsalita tungkol sa mga panimulang landas sa paglipad at sa planong EIS sa pamamagitan ng pagsusumite. Ang mga pagsusumite ay maaaring ibigay sa:

- Online [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au)
- Sa pamamagitan ng email sa [eis.submissions@infrastructure.gov.au](mailto:eis.submissions@infrastructure.gov.au)
- Sa pamamagitan ng koreo sa:  
Attn: WSI Flight Paths Team,  
GPO Box 594, CANBERRA ACT 2601.

## Dagdagan ang kaalaman



Bisitahin ang **Aircraft Overflight Noise Tool** upang makita ang mga panimulang landas ng paglipad na mas detalyado sa [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au)



Tingnan ang planong EIS at impormasyon tungkol sa proyekto sa aming Online Community Portal: [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au)



I-email sa amin ang inyong mga tanong sa [wsiflightpaths@infrastructure.gov.au](mailto:wsiflightpaths@infrastructure.gov.au)




Tawagan kami sa 1800 038 160



Dumalo sa aming mga Sesyon ng Impormasyon at Pagtugon sa Komunidad upang madagdagan ang kaalaman at makipag-usap sa isang miyembro ng aming koponan.

Maaari kang magpatala upang makasali sa pamamagitan ng [wsiflightpaths.gov.au/visit-us](https://wsiflightpaths.gov.au/visit-us)



I-scan ang QR code na ito upang ma-access ang aming Online Community Portal.

# Isang bagong paliparan para sa Western Sydney

Noong Abril 2014, ipinahayag ng Pamahalaan ng Australya na ang Badgerys Creek ang magiging lokasyon ng bagong paliparan sa Western Sydney. Ang WSI ay magiging isang 24-oras na paliparan na may kakayahang mamahala ng mga pasaherong lokal at internasyonal at mga serbisyo sa kargamento.

Ang Stage 1 ng WSI ay kasalukuyang ginagawa na at magbubukas sa huling bahagi ng 2026. Kasama sa Stage 1 development ang nag-iisang runway, isang pinagsamang domestic at international passenger terminal at mga koneksyon ng daan at riles sa network ng transportasyon ng Sydney.

Ang runway ay nakadireksyon linya sa isang humigit-kumulang na hilaga-silangan/ timog-kanluran o 050/230-degree orientation (na tinutukoy bilang Runway 05 at Runway 23). Ang pagkakahanay ng runway na ito ay tinasa at naaprubahan sa panahon ng proseso ng pagpapalano para sa Stage 1 WSI development noong 2016.


Ang WSI ay mapisang mapang- hahawakan ang hanggang 10 milyong mga pasahero taun-taon at humigit-kumulang na 81,000 na air traffic movements (pagkilos ng trapiko sa himpapawid) bawat taon pagsapit ng 2033, kabilang ang mga operasyon ng kargamento. Ang pagpapatakbo ng nag-iisang runway ay inaasahang maaabot ang kapasidad na humigit-kumulang 37 milyong pasahero bawat taon at 226,000 na air traffic movements bawat taon sa 2055. Kabilang sa pagpapalano sa hinaharap para sa WSI ang pangalawang kahilerang runway at nakalaan na ang espasyo para dito sa loob ng paliparan.

Ang pagpapatakbo na walang curfew o iba pang mga paghihigpit sa pagpapatakbo ay mahalaga sa kakayahang pangkabuhayan ng WSI at sa kontribusyon na gagawin ng WSI sa mga ekonomiya ng rehiyon, estado, at bansa. Ang WSI ay idinisenyo upang gumana nang 24-oras bawat araw at 7-araw bawat linggo at inilagay ang mga kontrol sa pagpapalano ng paggamit ng lupa upang matiyak na ang mga hindi nababagay na pagpapatayo ng bahay/gusali ay mabawasan sa mga lugar na apektado ng ingay na malapit sa WSI.

## Ano ang nangyayari ngayon?

Ang Pamahalaan ng Australya ay responsable para sa pagbuo ng mga flight path (landas ng paglipad) para sa mga operasyon ng nag-iisang runway sa WSI sa pagtatapos ng 2026. Kami ay kasalukuyang nasa panimulang yugto ng pagdidisenyo at pagtatasa ng kapaligiran para sa mga pagpapatakbo ng nag-iisang runway.

Ang isang planong Environmental Impact Statement (EIS) ay ilalabas sa ikalawang kalahatian ng 2023. Ang planong EIS ay magsisiyasat sa mga epektong ingay, epekto sa panlipunan at pangkapaligiran ng panukalang mga landas ng paglipad. Sa panahong iyon, kami ay hihingi ng mga pagpuna mula sa komunidad sa panahon ng pormal na pampublikong eksibisyon. Kasunod ng panahong ito, ang mga pagpuna ay pag-aaralan sa pagsasapinal ng EIS at pagpapabuti sa mga landas sa paglipad.



WSI Stage 1 development



Pagpapatayo ng runway ng WSI



Pagpapatayo ng terminal ng WSI


Mga larawan ng pagpapatayo ng terminal ng WSI: WSA Co

## Mga pamamaraan ng operasyon ng runway


Sa pangkalahatan, ang mga eroplano ay lumalapag at lumilipad pasalubong sa hangin. Ang laganap na kondisyon ng hangin ay may impluwensya kung aling direksyon ng runway ang magagamit sa anumang oras sa araw at gabi. Kapag ginagamit ang **Runway 05**, lahat ng mga trapiko ng eroplano ay parating mula sa timog-kanluran at paalis sa hilagang-silangan. Kapag ginagamit ang **Runway 23**, lahat ng mga eroplano ay parating mula sa hilagang-silangan at paalis sa timog-kanluran.

Sa gabi (ika-11 ng gabi hanggang alas 5.30 ng umaga), kapag ang pangangailangan ng trapiko sa himpapawid ay mas kaunti at pinapayagan ng lagay ng panahon (karaniwan ay sa mahinahong kondisyon ng hangin na walang ulan), ang head-to-head **Reciprocal Runway Operations (RRO)** ay maaaring gamitin upang mabawasan ang epekto ng ingay sa mga lugar na may pinakamaraming populasyon ng Western Sydney. Nangangahulugan ito na lalapag ang eroplano sa Runway 05 – parating mula sa timog-kanluran – at palipad sa Runway 23 – paalis papuntang timog-kanluran.

### Mga pamamaraan ng operasyon ng runway ng WSI sa Araw/Gabi (5.30 ng umaga hanggang 11 ng gabi)



### Mga pamamaraan ng operasyon ng runway ng WSI sa Araw (alas 11 ng gabi hanggang alas 5.30 ng umaga)




\*ang RRO ay nararapat lamang sa gabi (alas 11 ng gabi hanggang alas 5.30 ng umaga) kapag pinapayagan ng mga antas ng pangangailangan ng trapiko sa himpapawid at mga lagay ng panahon.

## Mga prinsipyo sa disenyo ng airspace

Bilang pagtugon sa mga pagpuna na natanggap sa panahon ng pampublikong eksibisyon ng panukalang EIS para sa pangkalahatang WSI Stage 1 Development noong 2015, ang Western Sydney Airport Plan ay nagtakda ng 12 Airspace Design Principles na kinakailangang sundin ng proseso ng pagdidisenyo:

 <p>Ang kaligtasan ay hindi maaaring mapag-usapan o baguhin (non-negotiable).</p>	 <p>Ang mga paparating na eroplano ay hindi magkakatipon-tipon sa pamamagitan ng isang punto ng interseksyong nasa itaas-himpapawid ng alinmang lugar na may mga tirahan.</p>
 <p>Ang mga pagdaan ng mga eroplano sa mga lugar na may mga tirahan at mga pasilidad na sensitibo sa ingay ay iiwasan hangga't maari.</p>	 <p>Isasaalang-alang ng pagdidisenyo ng airspace ang mga epekto ng mga pagpapatakbo sa himpapawid sa mga lugar na likas at sensitibo sa paningin.</p>
 <p>Kung saan ang mga flight path ay hindi makakaiwas sa mga lugar na may mga tirahan:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Kung maaari, ang mga lugar na ito ay dapat hindi daanan ng eroplanong parating at paalis.</li> <li>• Ang mga pamamaraang pagbabawas ng ingay ay dapat na maisagad upang matiyak na ang mga residente ay naapektuhan lang nang kaunti hangga't maari.</li> </ul>	 <p>Ang komunidad, mga nagpapatakbo ng aerodrome at mga gumagamit ng airspace ay kukunsultahin sa pagpapasya ng pangpinal na mga flight path.</p>
 <p>Ang mga pamamaraan ay bubuuin upang mabawasan ang epekto sa komunidad ng mga pang-gabing pagpapatakbo ng runway para sa eroplano na hindi hinahadlangan ang mga operasyon ng paliparan.</p>	 <p>Ang mga pagbabago sa kasalukuyang kaayusan ng pagbabahagi ng ingay sa Sydney (Kingsford Smith) Airport ay maiiwasan.</p>
 <p>Ang mga hakbang ng pagpapabawas ng ingay ay bubuuin.</p>	 <p>Ang mga kasalukuyang paghihigpit sa airspace, tulad ng mga nauugnay sa mga lugar na militar, ay muling sisiyasatin upang mapabuti ang kahusayan at mga epekto sa kapaligiran.</p>
 <p>Ang mga eroplanong paparating ay gagamit ng magdiskarte ng tuluy-tuloy na paglapag kung maaari upang mabawasan ang ingay at greenhouse emissions.</p>	 <p>Tiyakin na ang pagpapalano ng paggamit sa mga lupain ay patuloy na mapipigilan ang sensitibo sa ingay na pagpapatayo ng bahay/gusali sa mga lugar na may pinakamataas ang pagkakalantad sa ingay.</p>





Lahat ng mga flight na parating (ginto) at paalis (asul) ng Sydney Airport sa loob ng isang araw noong 2017.

## Mga dating paliparan ng Greater Sydney

Ang Greater Sydney Area ay sumasakop ng lugar sa pagitan ng Sutherland at Bargo sa timog, ang Central Coast sa hilaga, at Mt Victoria sa kanluran.

Ang airspace ng Greater Sydney ay ang pinakaabalang airspace sa Australya. Karamihan sa mga lugar, kabilang ang Western Sydney, ay kasalukuyang nakararanas ng ilang antas ng pang-araw-araw na pagdaan ng mga eroplano, na kung saan ang mga eroplano ay naglalakbay papunta at mula sa mga dating paliparan kabilang ang Sydney Kingsford-Smith, Bankstown, Camden at mga nakapaligid na base militar.


Ang mga aktibidad na libangan sa paglipad (aviation) ay kailangan ring isaalang-alang sa proseso ng pagdisenyo ng flight path. Ang mga paglipad na ito ay kasama ang mga glider, ballooning, parachuting, at ilang mga pang-araw-araw na mga paggalaw ng sasakyang panghimpapawid na tumutugon sa emerhensya.

Upang madagdagan ang iyong mga kaalaman tungkol sa Greater Sydney airspace, mangyaring basahin ang aming [Airspace Constraints Fact Sheet](#) na makukuha sa [wsflightpaths.gov.au/resources](https://wsflightpaths.gov.au/resources).

## Mga pangangailangan sa kaligtasan

Lahat ng mga disenyo ng flight path ay dapat na sumunod sa mga reglamento at pamantayan ng Civil Aviation Safety Authority, at International Civil Aviation Organization Standards and Recommended Practices.

Kabilang dito ang ligtas na pagkakatayo ng mga sasakyang panghimpapawid mula sa isa't-isa at espasyo sa pagitan ng mga sasakyang panghimpapawid at lupain at iba pang mga balakid.



Mga pamantayan sa pagkakatayo ng sasakyang panghimpapawid sa mga lugar na kontrolado ng terminal

## Mga panimulang flight path para sa WSI


Ang mga sumusunod na pahina ay nagpapakita ng mga dayagram sa mga panimulang landas ng paglipad para sa bawat runway mode (pamamaraan ng pagpapatakbo sa runway) ng WSI. Ang mga landas ng paglipad na ito ay panimula at ang nakadetaryang disenyo ay isasagawa mula 2024 kasunod ng pagsasaalang-alang ng mga pagpuna na natanggap nang panahon ng pampublikong eksibisyon ng planong EIS.

Ang isang Aircraft Overflight Noise Tool ay binuo upang mas mahusay na ipatid ang mga panimulang flight path sa isang magkabilaang sagutan (interactive application) na nasa online (kompyuter).

Upang makita ang mga panimulang landas ng paglipad at kasamang pagtatasa ng ingay sa inyong kompyuter na desktop o mobile, mangyaring bisitahin ang [Aircraft Overflight Noise Tool](#) sa aming [wsflightpaths.gov.au](https://wsflightpaths.gov.au). Ang Aircraft Overflight Noise Tool ay nagpapakita sa landas ng paglipad ng mga dumarating at umaalis na eroplano at nagbibigay-daan sa iyo na maghanap ng isang address (tirahang bahay) upang makita ang panukalang indicative altitude ng mga landas ng paglipad, tantiyahin ang bilang ng mga lumilipad, at mapa ng ingay, kabilang ang tinatayang ingay ng eroplano sa decibels sa iba't-ibang mga lokasyon.

## Runway 05 mga parating at paalis sa Araw

- Ang mga paalis na eroplano ay lilipad mula sa Runway 05 sa isang direksyon na pahilagang-silangan. Ang mga parating na eroplano ay lalapag sa Runway 05 na magdiskarteng mula sa timog-kanluran.
- Ang mga likong pakaliwa pagkatapos ng paglipad ay inaantala upang maiwasan ang ipinagbabawal daanan na airspace ng Orchard Hills Defence Establishment.
- Ang mga likong pakaliwa pagkatapos ng paglipad ay dinisenyo upang mabawasan ang ingay mula sa pagdaan ng mga eroplano sa mga lugar na may tirahan sa hilaga ng WSI sa pamamagitan ng paglipad na mas malayong pakanluran ng St Clair hangga't-maari.
- Pinabawasan ang ingay mula sa pagdaan ng eroplano para sa mga lugar na may tirahan sa kahabaan ng Great Western Highway hangga't maaari. Ang mga paalis na pakanluran ay mananatiling hilaga ng Great Western Highway.
- Ang mga parating na liliko sa pinal na magdiskarte (final approach) para sa Runway 05 ay dinisenyo upang maiwasan ang mababang pagdaang lipad sa Silverdale.
- Ang patungong silangan na mga pag-alis ay aakyat sa kanluran at timog-kanluran, bago liliko sa silangan, upang maiwasan ang tunggalian sa trapiko ng paliparan ng Sydney at Bankstown.




### RUNWAY 05 MGA PARATING AT PAALIS SA ARAW

ARRIVALS INDICATIVE ALTITUDE AMSL (ft)




DEPARTURES INDICATIVE ALTITUDE AMSL (ft)





## Runway 23 Mga parating at paalis sa araw

- Ang mga paalis na eroplano ay lilipad mula sa Runway 23 sa isang direksyon na timog-kanluran. Ang mga parating na eroplano ay lalapag sa Runway 23 na magdiskarte mula sa hilagang-silangan.
- Ang mga likong pakanan pagkatapos ng paglipad para sa Jet na sasakyang panghimpapawid ay naantala upang mabawasan ang ingay mula sa pagdaan ng mga eroplano sa mga lugar na may tirahan sa pamamagitan ng pag-iwas sa Silverdale.
- Ang mga paalis na pahilaga ay dinisenyo upang tawirin ang Great Western Highway sa isang lugar na may mababang bilang ng populasyon.
- Ang mga paalis ay liliko sa mga patimog na landas na aakyat sa mga lugar na hindi tinitirahan upang maiwasan ang tunggalan sa trapiko ng paliparan ng Sydney, Bankstown at Camden.
- Ang mga landas na parating mula sa hilaga ay dinisenyo kung maari upang maiwasan ang mga kasalukuyan at hinaharap na mga lugar na may mga tirahan sa mga north-west growth area.
- Ang mga parating at paalis na landas mula sa kanluran ay dinisenyo upang iwasan ang mga lugar na may mga tirahan sa lower Blue Mountains hangga't maari.




### RUNWAY 23 MGA PARATING AT PAALIS SA ARAW

ARRIVALS INDICATIVE ALTITUDE AMSL (ft)




DEPARTURES INDICATIVE ALTITUDE AMSL (ft)




## Reciprocal Runway Operations (RRO) sa gabi, parating at paalis

- Ang mga paalis na eroplano ay lilipad mula sa Runway 23 sa isang timog-kanlurang direksyon. Ang mga paparating na eroplano ay lalapag sa Runway 05 na magdiskarte mula sa timog-kanluran.
- Ang RRO runway mode ay maaaring magamit sa gabi, kung ligtas na gawin ito, depende sa nababagay na kalagayang meteorolohiko at antas ng trapiko ng mga eroplano. Ipinoposisyon nito ang nagmamaniobrang eroplano na nasa mas mababang altitude sa pinakamalapit na timog-kanluran ng WSI, sa ibabaw ng may mas mababang bilang ng mga tirahan na mga sonang rural at rural-residential.
- Sa RRO runway mode, ang mga papaalis na eroplano ay kinakailangang lumiko sa lalong madaling panahon upang maiwasan ang tunggalian sa dumarating na eroplano, at panatilihin ang sapat na kapasidad ng pagdating/pag-alis.
- Ang mga flight path ng pagdating at pag-alis sa gabi ay dinisenyo upang samantalain ang mas malaking kalayaan na resulta ng nabawasan paglipad sa gabi sa Sydney, Bankstown at iba pang mga paliparan sa Greater Sydney area.
- Ang mga paalis na pahilaga ay dinisenyo upang tawirin ang Great Western Highway sa isang lugar na may mababang bilang ng populasyon.
- Ang mga eroplanong paalis na patimog at silangan ay manatiling lalayo sa Camden, The Oaks, Picton, Tahmoor at Wilton.
- Lahat ng mga parating na eroplano ay liliko sa final approach na timog-kanluran ng The Oaks at timog ng Silverdale upang mabawasan ang ingay sa pagdaan ng eroplano para sa mga lugar na may mga tirahan.




### RECIPROCAL RUNWAY OPERATIONS (RRO) SA GABI MGA PARATING AT PAALIS SA ARAW

ARRIVALS INDICATIVE ALTITUDE AMSL (ft)



DEPARTURES INDICATIVE ALTITUDE AMSL (ft)











## Mga susunod na hakbang



Gamitin ang **Aircraft Overflight Noise Tool** mula sa [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au) upang matingnan ang mga panimulang landas ng paglipad ng WSI at kung paano ang mga ito ay posibleng makaapekto sa mga partikular na address ng tirahan o mga lugar na kawili-wiling dinarayo.



Magpunta sa WSI airspace and flight path design **Online Community Portal** mula sa [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au) pang makita ang planong EIS at para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng planong EIS, proseso sa pagdisenyo ng landas ng paglipad, mga video at detalye ng mga paparating na kaganapan sa pakikipag-ugnayan sa komunidad.



Tingnan ang planong noise insulation at patakaran sa pagbili ng mga ari-arian at planong EIS sa mga panimulang landas sa paglipad mula sa **Online Community Portal** sa [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au), at gumawa ng pormal na pagsusumite.



Sumali sa aming mga Sesyong Pang-impormasyon at Pagpuna ng Komunidad upang madagdagan ang kaalaman at makipag-usap sa isang miyembro ng kuponan. Bisitahin ang **Online Community Portal** sa [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au) upang matingnan ang mga susunod na mga kaganapang pang-impormasyon sa komunidad sa malapit sa inyo. Maaari ka ring tumawag sa **1800 038 160** para sa mga detalye ng mga kaganapan.

## Magsalita

Kung gusto mong gumawa ng pormal na pagsumite tungkol sa mga pangunang landas sa paglipad at sa planong EIS, magagawa mo sa pamamagitan ng:

- **Online Community Portal** sa [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au)
- **Email** [eis.submissions@infrastructure.gov.au](mailto:eis.submissions@infrastructure.gov.au)
- **Magpadala ng sulat:** Attn: WSI Flight Paths Team, GPO Box 594, CANBERRA ACT 2601.

Kasama sa mga pag-iisipan ang iyong puna sa pagpipinal ng EIS.

Ang pinal na EIS ay dapat na bigyang pansin ang anumang mga komentong natanggap sa panahon ng eksibisyon at maglalaman ng isang buod ng mga komento at kung paano natutugunan ang mga komento sa ilalim ng *Environment Protection and Biodiversity Conservation Act 1999 (Cth)*.

Ang planong EIS ay makukuha sa **Online Community Portal** sa [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au). Kung gusto mong maging manatiling may kaalaman tungkol sa mga landas ng paglipad sa WSI at makatanggap ng mga pasabi tungkol sa proyekto, maaari kang magpatala para sa mga napapanahong email sa pamamagitan ng pag-iiscan ng QR code.



## Dagdagan ang kaalaman



Bisitahin ang **Aircraft Overflight Noise Tool** upang makita ang mga panimulang landas ng paglipad na mas detalyado sa [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au)



Tingnan ang planong EIS at impormasyon tungkol sa proyekto sa aming **Online Community Portal**: [wsiflightpaths.gov.au](https://wsiflightpaths.gov.au)



I-email sa amin ang inyong mga tanong sa [wsiflightpaths@infrastructure.gov.au](mailto:wsiflightpaths@infrastructure.gov.au)



Tawagan kami sa **1800 038 160**



Dumalo sa aming mga Sesyong Pang-impormasyon at Pagtugon sa Komunidad upang madagdagan ang kaalaman at makipag-usap sa isang miyembro ng aming kuponan.

Maaari kang magpatala upang makasali sa pamamagitan ng [wsiflightpaths.gov.au/visit-us](https://wsiflightpaths.gov.au/visit-us)

## Information in your language



Translating and Interpreting Service  
(TIS National)

If you require the services of an interpreter, please contact the Translating and Interpreting Service on **131 450** and ask them to call the WSI Flight Paths team on **1800 038 160**.

Nếu quý vị cần thông dịch viên, vui lòng gọi cho Dịch vụ Thông Phiên dịch (Translating and Interpreting Service) qua số **131 450** và yêu cầu họ gọi cho đội ngũ phụ trách Đường bay Sân bay Quốc tế Western Sydney (Western Sydney International Airport Flight Paths) qua số **1800 038 160**.

如果您需要口译服务, 请致电 **131 450** 联系笔译与口译服务署 (Translating and Interpreting Service), 并请他们拨打 **1800 038 160** 联系西悉尼国际机场飞行路径团队 (Western Sydney International Airport Flight Paths)

यदि आपको दुभाषिए की सेवाओं की ज़रूरत है, तो कृपया **131 450** पर अनुवाद और दुभाषिया सेवा (Translating and Interpreting Service) से संपर्क करें और उनसे **1800 038 160** पर पश्चिमी सिडनी अंतरराष्ट्रीय हवाई अड्डा उड़ान पथ (Western Sydney International Airport Flight Paths) टीम को कॉल करने का अनुरोध करें।

إذا كنت بحاجة لخدمات الترجمة الشفوية, فيرجى الاتصال بخدمة الترجمة الكتابية والشفوية (Translating and Interpreting Service) على الرقم **١٣١ ٤٥٠** وأطلب منهم الاتصال بالفريق المعني بمسارات الطيران في مطار سيدني الغربية الدولي (Western Sydney International Airport Flight Paths) على الرقم **١٨٠٠ ٠٣٨ ١٦٠**

Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng isang tagasaling pasalita (interpreter), mangyaring makipag-ugnayan sa Serbisyo ng Pagsasaling Pasulat at Pasalita (Translating and Interpreting Service) sa **131 450** at hilingin sa kanila na tawagan ang pangkat ng Mga Landas ng Paglipad sa Paliparang Internasyonal ng Western Sydney (Western Sydney International Airport Flight Paths) sa **1800 038 160**.

View this brochure in languages other than English

Please scan this QR code to view information in languages other than English.

Vui lòng quét mã QR này để xem thông tin bằng các ngôn ngữ khác ngoài tiếng Anh.

请扫描二维码查看中文信息。

अंग्रेज़ी के अलावा अन्य भाषाओं में जानकारी देखने के लिए कृपया यह QR कोड स्कैन करें।

يُرجى مسح رمز الاستجابة السريعة QR code هذا لعرض المعلومات بلغات أخرى غير الإنجليزية.

Paki-scan ang QR code na ito para makita ang impormasyon sa ibang wika maliban sa Ingles.

